



## **Fact Sheet ukol sa Update sa Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke para sa 2025 Asian at Pacific Islander Race**

### **Cardiovascular Disease (CVD) (ICD-9 390 hanggang 459; ICD-10 I00 hanggang I99)**

- Sa mga non-Hispanic (NH) Asian na nasa hustong gulang na 20 taong gulang pataas mula 2017 hanggang 2020, 51.5% ng mga lalaki at 38.5% ng mga babae ang nagkaroon ng CVD, kabilang ang coronary heart disease, heart failure, stroke, at hypertension sa depinisyon.
- Noong 2022, CVD ang sanhi ng mga pagkamatay ng 14,106 na lalaki at 13,150 babae sa mga NH Asian na nasa hustong gulang.

### **Coronary Heart Disease (CHD) (ICD-9 410 hanggang 414, 429.2; ICD-10 I20 hanggang I25 (kabilang ang MI ICD-10 I21 hanggang I22)**

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas, 5.2% ng mga lalaki at 3.9% ng mga babae ang nagkaroon ng CHD ayon sa data na mula sa 2017 hanggang 2020.
- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas, 2.8% ng mga lalaki at 0.5% ng mga babae ang dating nagkaroon ng myocardial infarction (atake sa puso) ayon sa data na mula sa 2017 hanggang 2020.
- Noong 2022, CHD ang sanhi ng mga pagkamatay ng 6,538 na lalaki at 4,418 babae sa mga NH Asian na nasa hustong gulang.
- Noong 2022, myocardial infarction ang sanhi ng mga pagkamatay ng 1,855 na NH Asian na lalaki at 1,278 na NH Asian na babae.

### **Stroke (ICD-9 430 hanggang 438; ICD-10 I60 hanggang I69)**

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang mula 2017 hanggang 2020, na 20 taong gulang pataas, 1.8% ng mga lalaki at 1.5% ng mga babae ang na-stroke na dati.
- Noong 2022, stroke ang sanhi ng mga pagkamatay ng 2,852 lalaki at 3,630 babae sa mga NH Asian na indibidwal.

### **High Blood Pressure (HBP) (ICD-9 401 hanggang 404; ICD-10 I10 hanggang I15.)**

- Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, na 20 taong gulang pataas, 50.2% ng mga lalaki at 37.6% ng mga babae ang nagkaroon ng HBP (tinukoy sa pamamagitan ng systolic pressure na 140 mm Hg o mas mataas o diastolic pressure na 90 mm Hg o mas mataas o pag-inom ng antihypertensive na gamot o dalawang beses na sinabihan ng doktor o iba pang propesyonal na mayroon kang altapresyon) sa pagitan ng 2017 at 2020.
- Noong 2022, HBP ang sanhi ng mga pagkamatay ng 1,861 NH Asian na lalaki at 2,146 NH Asian na babae.
- Ang age-adjusted na rate ng pagkamatay noong 2022 na pangunahing maiuugnay sa HBP ay 20.7 kada 100 000 sa mga NH Asian na lalaki at 17.0 kada 100,000 sa mga babae.

### Mataas na Cholesterol sa Dugo at Iba Pang Lipid

- Sa pagitan ng 2017 at 2020, sa mga batang may edad na 6 hanggang 11 taong gulang, ang mean na total cholesterol level ay 157.4 mg/dL. Para sa mga NH Asian na bata, ang mean na total cholesterol ay 169.6 mg/dL para sa mga lalaki at 166.0 mg/dL para sa mga babae.
- Sa pagitan ng 2017 at 2020, 154.8 mg/dL ang mean na total blood cholesterol level sa mga kabataan na may edad na 12 hanggang 19 na taong gulang. Para sa mga NH Asian na kabataan, 156.3 mg/dL ang mean na total cholesterol para sa mga lalaki at 161.0 mg/dL para sa mga babae.
- Mula 2017 hanggang 2018, ang proportion ng mga nasa hustong gulang sa US na nagpa-screen ng mga cholesterol level sa nakaraang 5 taon ay 75.0% para sa mga nasa hustong gulang na NH Asian.
  - Sa pagitan ng 2017 at 2020, sa mga NH Asian na nasa hustong gulang na 20 taong gulang pataas:
    - 40.7% ng mga lalaki at 37.7% ng mga babae ang nagkaroon ng total cholesterol level na 200 mg/dL o mas mataas.
    - 13.0% ng mga lalaki at 8.7% ng mga babae ang nagkaroon ng mga total cholesterol level na 240 mg/dL o mas mataas.
    - 31.5% ng mga lalaki at 25.3% ng mga babae ang nagkaroon ng low-density lipoprotein cholesterol na 130 mg/dL o mas mataas.
    - 25.4% ng mga lalaki at 6.9% ng mga babae ang nagkaroon ng high-density lipoprotein cholesterol na wala pang 40 mg/dL.

### Paninigarilyo

- Noong 2021, sa mga NH Asian na nasa hustong gulang na 18 taong gulang pataas, 5.4% ang nagulat na naninigarilyo araw-araw o paminsan-minsan.
- Noong 2022, ang panghabambuhay na paggamit ng mga produktong tabako sa mga kabataan edad 12 hanggang 17 taon ay pinakamababa sa mga Asian (2.2%) na kabataan, na sinusundan ng Black (7.5%), Hispanic o Latino (8.0%), White (10.0%), at American Indian at Alaska Native (17.7%) na mga kabataan.

### Pisikal na Aktibidad (PA)

- Ayon sa 2022 na data, 18.9% ang pambansang porsyento ng mga kabataan edad 6 hanggang 17 taon na aktibo sa loob ng  $\geq 60$  minuto kada araw. Ang porsyento para sa NH Asian na kabataan ay 13.4%.

### Labis na Timbang at Obesity

- Mula 2017 hanggang 2020, 19.7% ng mga bata edad 2 hanggang 19 sa Estados Unidos ang obese. Sa mga NH Asian na bata, 9% ang obese, kabilang ang 13.1% ng mga lalaki at 5.2% ng mga babae.
- Sa pagitan ng 2017 at 2020, 41.9% ng mga nasa hustong gulang na 20 taong gulang pataas sa Estados Unidos ang obese at 9.2% ang labis na obese. Sa mga NH Asian na nasa hustong gulang, 16.1% ang obese, at 1.8% ang labis na obese.

### Diabetes (ICD-9 250; ICD-10 E10 hanggang E11)

- Ayon sa data mula 2002 hanggang 2018, ang taunang incidence ng type 1 diabetes sa mga kabataang wala pang 20 taong gulang ay 22.2 kada 100 000 at 17.9 kada 100 000 para sa type

## Asian/Pacific Islander Race at CVD - Fact Sheet ukol sa Istatistika sa 2025\*

2 diabetes. Ipinapakita nito na lumiliit ang agwat sa pagitan ng type 1 at type 2 diabetes, kung saan posibleng mas maging prevalent ang type 2 diabetes kaysa sa type 1 diabetes sa hinaharap. Para sa type 1 diabetes, ang incidence rate kada 100,000 ay 9.4 para sa Asian o Pacific Islander na kabataan at para sa type 2 diabetes, ang incidence rate (kada 100 000) ay 16.6 para sa Asian o Pacific Islander na kabataan.

- Sa pagitan ng 2017 at 2020, sa mga NH Asian na nasa hustong gulang ( $\geq 20$  taong gulang):
  - 14.4% ng mga lalaki at 9.9% ng mga babae ang na-diagnose ng doktor na may diabetes.
  - 5.4% ng mga lalaki at 5.2% ng mga babae ang mayroong hindi na-diagnose na diabetes.
  - 51.6% ng mga lalaki at 40.2% ng mga babae ang may pre-diabetes.
- Noong 2022, diabetes ang sanhi ng mga pagkamatay ng 1,982 lalaki at 1,727 babae sa mga NH Asian na indibidwal.

Ang mga fact sheet, infographics, at mga kasalukuyan/dating paglalathala ng Update sa Istatistika ay mada-download mula sa:

[Heart and Stroke Association Statistics | American Heart Association](#) (website sa Ingles).

Maraming istatistika sa fact sheet na ito ang galing sa mga hindi nailathalang tabulation na pinagsama-sama para sa dokumento ng Update sa Istatistika at maaaring banggitin gamit ang citation sa dokumento na nakalista sa ibaba. Nakalista sa buong dokumento ang mga pinagkunan ng data na ginamit para sa mga tabulation. Dagdag dito, nanggaling sa mga nailathalang pag-aaral ang ilang istatistika. Kung babanggitin mo ang alinman sa mga istatistika sa fact sheet na ito, pakibasa ang buong dokumento ng Mga Istatistika ng Sakit sa Puso at Stroke upang malaman ang mga pinagkunan ng data at orihinal na citation.

Hinihiling ng American Heart Association na banggitin ang buong dokumento na gaya ng sumusunod:

Martin SS, Aday AW, Allen NB, Almarzooq ZI, Anderson CAM, Arora P, Avery CL, Baker-Smith CM, Bansal N, Beaton AZ, Commodore-Mensah Y, Currie ME, Elkind MSV, Fan W, Generoso G, Gibbs BB, Heard DG, Hiremath S, Johansen MC, Kazi DS, Ko D, Leppert MH, Magnani JW, Michos ED, Mussolino ME, Parikh NI, Perman SM, Rezk-Hanna M, Roth GA, Shah NS, Springer MV, St-Onge M-P, Thacker EL, Urbut SM, Van Spall HGC, Voeks JH, Whelton SP, Wong ND, Wong SS, Yaffe K, Palaniappan LP; sa ngalan ng Komite sa Mga Istatistika at Komite sa Mga Istatistika ng Stroke ng Konseho sa Epidemiyolohiya at Pag-iwas ng American Heart Association. Mga istatistika ng sakit sa puso at stroke sa 2025: isang ulat mula sa American Heart Association tungkol sa data mula sa US at buong mundo. *Circulation*. Na-publish online noong Enero 27, 2025.

Pakidirekta ang lahat ng tanong sa media sa News Media Relations sa <http://newsroom.heart.org/newsmedia/contacts> (website sa Ingles).